Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X-NORTHERN MINDANAO
SCHOOLS DIVISION OF LANAO DEL NORTE

DEPED LANAO DEL NORTE
RECORDS SECTION CONTROL NO. 29904
RELEASED
14 AUG 2025 8:52
DATE TIME BY

13 Agosto, 2025

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg.. 453 s. 2025

**KULMINASYON SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe at Kawaksi ng SGOD, CID at OSD
Pandistritong Superbisor, DIC at Coordinating Principals
Pampurok na Koordineytor sa Asignaturang Filipino
Iba pang mga Kinauukulan

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041 s. 1997 na nagtatakda ng taunang Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na may tema:"**Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa"** ang tanggapan ng Lanao del Norte Dibisyon ay magkakaroon ng Kulminasyon sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 sa parke ng tanggapan sa **Agosto 26, 2025** sa ganap na ikawalo (8:00) ng umaga.

2. Ang layunin ng gawain ay upang maiangat ang kamalayan ng mga kalahok ukol sa wika at kasaysayan at maipakita ang galing at talento ng mga kawaksi ng tanggapan;

3. Ang bawat grupo mula sa CID, SGOD, OSDS at Pandistritong Koordineytor ay magkakaroon ng presentasyon sa mga sumusunod :

a. solo-awit ng mga katutubong awit at makabansang awitin.
b. dagliang talumpati na may temang " Filipino: **Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa"**
c. tambalang katutubong sayaw isang babae at lalaki.

4. Ang mga kalahok sa gawain ay lahat ng mga kawaksi sa tanggapang ito at mga pandistritong tagapag-ugnay o koordineytor sa asignatunga Filipino.

Address: Pigcarangan, Tubod, Lanao del Norte
Telephone No.: (063) 227-6150
Email Address: lanao.norte@deped.gov.ph
Web site: https://depedldn.com

5. Hinihikayat ang lahat ng mga kalahok na magsout ng filipiniana/ barong tagalog / katutubong kasuotan.

6. Ang mga Filipino District koordineytor ay inaatasan sa pagdekorasyon sa bulwagan sa Agosto 25, 2025.

7. Ang mga gagastusin gaya ng pagkain, pamasahe at kagamitan ng mga kalahok ay kukunin mula sa dibisyon/ paaralang MOOE o iba pang local na pondo ng paaralan at pansangay na sumasailalim sa karaniwang mga tuntunin at pamantayan ng COA sa pagtutuos.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**EDWIN R. MARIBOJOC,EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

*Kalakip gaya ng isinasaad:*
*Sanggunian: Pampangunahing Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997*

*Ilalagay pasa sa palagiang Talatuntunan*
*Sa ilalim ng mga sumusunod na Paksa*

*Kurikulum Filipino Buwan ng Wikang Pambansa 2024*

*CID/ mpm*

**Address:** Pigcarangan, Tubod, Lanao del Norte
**Telephone No.:** (063) 227-6150
**Email Address:** lanao.norte@deped.gov.ph
**Web site:** https://depedldn.com